

PANGWAKAS NA AWIT

AWIT NG PASASALAMAT

(Hontiveros)

(mula sa PAGHAHANDOG Praisebook p. 46)

(mula sa PURIHIT PASALAMATAN album)

Koro: Salamat sa Diyos at Siya'y ang ating Tagapagligtas
Kanyang kabutiha'y ating isasaysay
Tayo'y magalak kanyang papuri'y aawitin
Nilupig Nya ang ating mga kaaway.

1. O makatarungang D'yos
Hukom ng sanlibutan
Tanggulan sa oras ng panganib at kamatayan.
2. Sa Iyo'y nagtitiwala ang mahal Mong bayan
Ang sa 'yo'y dumudulog di mo pababayaang.

KAHIT ISANG KUSING

(theme song ng Pondo ng Pinoy)

(Fr. C. Marcelo)

Araw-araw mag-ipon ng isang munting baon
Ng pag-asa at galak kabubuang magaganap
Kahit baya'y naghihirap ito'y babango't maglalayag
Tungo sa buhay na kahit payak ay di salat.

Koro: anumang magaling kahit na maliit
Basta't malimit ay patungong langit
Kahit ang isang kusing ito ay may dating
Sa pusong may pag-ibig may pangarap na sasapit
At ang tangi niyang sandigan ay ang Diyos at kapatid.

Gabi-gabi lumilingon sa isang maghapon
Na puno ng pagtiyatiyaga sa gawaing inihanda
Upang ang bayan ay magising at kalayaan ay kamtin,
Buhay ay giginhawa kung tulong-tulong lang pala. (koro)
Bridge: isang simula sa lahat may anyaya
Isang pagbabago ang lahat magsasalalo!

MAGPASALAMAT KAYO SA PANGINOON

1. Magpasalamat kayo sa Panginoon
Na Syang lumikha ng lahat ng bagay dito sa mundo
Siya'y gumawa ng buwan at mga bituin
Upang magbigay ng liwanag sa [agsapit ng dilim
//O magpasalamat sa kanyang mga biyaya at awa.//
2. Magpasalamat kayo sa Panginoon
Dahil sa kagandahang loob niyay magpakailanman
At papurihan ang Diyos habang buhay
Na siyang nagligtas sa Kanyang hinirang sa baying Israel
//O ating purihin ang Poon na mahabagin sa atin.//

Mga awit sa MALIIT NA MISAL 2005 TAON A

AUGUST 7,14,21,28

DCLM
musika ng malolos

Diocesan Committee on Liturgical Music, Diocese of Malolos

PAMBUNGAD NA AWIT

PAGMAMAHAL SA PANGINOON

(Hontiveros)

Koro: Pagmamahal sa Panginoon
ay simula ng karunungan
ang kanyang kapuriha'y manatili magpakailanman.

1. Purihin ang Panginoon, Sya'y ating pasalamatan
Sa pagsasama at pagtitipon ng kanyang mga anak.
2. Dakilang gawain ng Diyos karapat-dapat pag-aralan
Ng tanang mga taong sumasamba sa Kanya.

AWIT NG PAGLAYA

(Honrada-Titco)

Koro: Dinggin, himig ng bayang malaya
Awit ng papuri't pasasalamat
Ang Panginoon ng ating paglaya
Muling nagpatunay ng pag-ibig Nya.

1. Nakita ng Panginoon, hirap ng kanyang bayan
Mga kaaway kanyang nilupig
kanyang iniligtas itong ating bayan.
2. Halina at magsilapit papurihan sa awit
Ang Panginoong Diyos ng pag-ibig
Magalak sa Kanya tayo'y umawit.

AWIT SA PAG-AALAY

PAG-AALAY NG PUSO
(Nero-Que)

Minsan lamang ako daraan sa daigdig na ito
kaya anumang mabuting maaring gawin ko ngayon
O anumang kabutihan ang maari kong ipadama?
Itulot ninyong magawa ko ngayon
ang mga bagay na ito.
Nawa'y huwag ko itong ipagpaliban
O ipagwalang bahala
sapagka't di na ko muling daraan
sa ganitong mga landas.

TANGING SA 'YO LAMANG
(D. Isidro)
(DCLM collection)

Koro: O D'yos narito ang tanging alay ko at sa kamay Mo
Inihahandog ko
Alak at tinapay aming pinagpaguran
Maging aming buhay tanging sa 'yo lamang
Tanging sa 'yo lamang.

1. Ang tinapay na ito sana ay basbasan Mo
Upang ang buhay na ganap ay kamtin ko.
2. Ang alak na ito sana'y pagpalain Mo
Nang kaligtasang handog Mo'y makamtan ko. (koro)

PAG-AALAY (Francisco)

1. Panginoon, aming alay itong alak at tinapay
sa altar mo ilalagay tanggapin sa iyong kamay.
2. Alay namin aming buhay bawat galak at lumbay
bawat pangarap naming taglay sa palad Mo ilalagay.
3. Lahat ng aming mahal sa buhay lahat ng aming aring taglay
talino at kalayaan sa 'yo ngayon iaalay.
4. Itong alak at tinapay magiging si Kristong tunay
gawin pati aming buhay pagka't sa yo dumalisay.

AWIT SA PAKIKINABANG

HUWAG KANG MANGAMBA
(O. Pagsanghan- M. Francisco, SJ)
(mula sa Tinapay ng Buhay songbook and album)

Koro: H'wag kang mangamba, 'di ka nag-iisa
Sasamahan kita saan man magpunta
Ika'y mahalaga sa 'King mga mata
Minamahal kita, minamahal kita.

1. Rinawag kita sa 'yong pangalan, Ikaw ay Akin magpakailanman
Ako ang Panginoon mo at Diyos, Tagapagligtas mo at Tagatubos.
2. Sa tubig kita'y sasagipin sa apoy ililigtas man din
Ako ang Panginoon mo at Diyos, Tagapagligtas at Tagatubos.

O HESUS, HILUMIN MO

Koro: O Hesus, hilumin mo, aking sugatang puso
Nang aking mahango kapwa kong kasing bigo.
1. Hapis at pait, iyong patamisin
At hagkan ang sakit nang mangingas ang rikit.
2. Aking sugatang diwa't katawan
Ay gawing daan ng 'yong kaligtasan.

AWIT NG ISANG ALAGAD

1. Panginoon ko, ang buhay mong bigay
Ay minsan lang magdaraan sa 'kin
Kaya bilang isang pag-aalay
Ito'y aking ihahandog sa 'yo
Koro: Katulad ko'y marami ang tinawag mo
Upang humayo't maglingkod sa ngalan Mo
Tanging hiling at lagi nang dasal
Maging mapalad sanang tanggapin.
2. Turuan mong maging bukas-palad
At matutong mamuhay ng banal
Kaya bilang isang pag-aalay
Ito'y aking ihahandog sa 'yo (koro)
Koda: Tanging pangarap ko
Sana'y bigyang daan
Sa landas ko'y hawiin ang buhawi ng gulo
Ang ulap na nagsisilbing dilim sa langit ko
Tunwin at gawing ulan, laan sa buhay kong tigang
Mula sa pagkakasadlak ako'y muling ibangon Mo
At umasa kang maglilingkod sa 'yo. (ulitin ang Koda)
Ending: at umasa ka, at umasa ka, at umasa kang
Maglilingkod sa 'yo...maglilingkod...sa 'yo.